

【Report on Tohoku Volunteer Program 2012】

Mother Tongue (Filipino)

Name: Bugen Sevilla

1. What impression did you have on Tohoku after 1.5 year of disaster?

Sa loob lamang ng halos isa't kalahating taon pagkatapos ng trahedya ay halos nakabalik na ang mga mamamayan ng Tohoku sa kanilang normal na pamumuhay. Gayunpaman, mapapansin mong naroroon pa rin ang bakas ng trahedya na namimistulang ala-ala ng mga nangyari.

2. Please describe your experiences and tell us your reflection of them (for example, the work which you were engaged in, people's conditions you observed, the stories you heard from them, and any other interesting experiences you would like to share with readers of this report).

Naging mabuti ang pakikitungo ng mga mamamayan ng Ishinomaki sa amin. An gaming ama-amahan ay mabait sampu ng kanyang pamilya. Hindi kami pinabayaan at palagi pang may nakahandang meryenda para samin. Sagana din ang hapag-kainan tuwing tanghalian at ang lahat ay masayang kumakain. Napansin ko din na ang lahat ay nagtutulungan at nang tanungin namin si Yuki, anak na dalaga ng aming ama-amahan kung kakilala nya lahat ng kapitbahay, nabigla kami ng sabihin nyang oo at napawika na sana ganoon din sa Tokyo.

3. What did you learn from Tohoku and what would you like to suggest to your country people in case of natural disasters that might happen in your country?

Ang kanilang disiplina, pagiging mapagbigay at pag-alala hindi lamang sa kanilang mga sarili maging sa ibang tao.

4. Your message to your country people

Hindi mangyayaring tayo'y magiging handa sa anumang maaaring mangyari lalo na ang mga natural na kalamidad subalit maaring tayong maging palaging handa sa pagtulong sa isa't isa.